# *Ang Buhay pagkatapos ng Kamatayan Yugto 11.*
# *Pahayag Mga kabanata 9-10*
# *Ang Pangalawang Pagparito ni Cristo – Ang Kapighatian*

Ipagpapatuloy natin sa mensaheng ito ang ating talakayan tungkol sa kabilang-buhay at ang mga pangyayari sa ikalawang pagparito ni Cristo mula sa aklat ng Pahayag.

Sa ***Pahayag 9,*** makakatagpo natin ang gawain ni Satanas sa panahon ng kapighatian. Ang mga sugong anghel mula sa Kordero ay nagpatuloy; kasama ang ikalima at ikaanim na sugong anghel na magpapalaya kay Satanas at sa mga kapangyarihan ng impierno sa lupa. Kaya sila ay mga anghel mula sa Dios, na magpapalaya sa kapangyarihan ng impierno at ni Satanas; ibig sabihin nito ang Dios ay nasa ganap na kontrol at sa ilalim ng Kanyang pahintulot at kapangyarihan na nagpapahintulot sa kapangyarihan ng kadiliman na makamit ang isang tiyak na layunin sa Kanyang isipan: ***"1 At humihip ang ikalimang anghel, at nakita ko ang isang bituin na nahulog sa lupa mula sa langit: at sa kaniya'y ibinigay ang susi ng hukay ng kalaliman. 2 At binuksan niya ang balon ng kalaliman; at napailanglang ang usok mula sa hukay, na gaya ng usok ng isang malaking lutuang-bakal; at nagdilim ang araw at ang himpapawid dahil sa usok ng hukay.*** (Ang ikalimang sugong anghel mula sa Kordero ay nagpakawala ng mga demonyo na sa pagbabalik na siyang nagpapalaya sa mga kapangyarihan ng impierno para sa kamatayan at pagkawsak. Ang huya sa kailaliman ay isang hukay na naglalaman ng mga demonyo, ang mga bumagsak na anghel. Ang hukay na ito ay walang ilalim. Kapag nahulog ka sa isang hukay ay aabot ka sa ilalim. Ngunit ang hukay na iyon ay walang ilalim, na kapag ang mga bagay ay nahulog dito, ay hindi aabot sa isang dulo. Ang anghel na may susi para sa hukay ng kailaliman ay nagawang buksan niya ang hukay ng kailaliman at pinalaya ang mga demonyo na naroroon, at sa ganitong paraan ay pinalaya ang kapangyarihan ng kadiliman. Pinahahalagahan mo ba na ang Dios ang pumipigil sa kadiliman at impierno upang protektahan ka at huwag masaktan? Kapag ang kapangyarihn ng kadiliman ay pinalaya, mayroong kadiliman sa araw at sa gabi. Narito ang panahon ng kapighatian ang mga kapangyarihan ng impierno ay pinalaya upang gumawa ng pagkawasak sa lupa at magdala ng alakdan tulad ng pagdalamhati sa mga hindi tinubos ng Kordero,) ***3 At nangagsilabas sa usok ang mga balang sa lupa; at binigyan sila ng kapangyarihan, na gaya ng mga alakdan sa lupa na may kapangyarihan.*** Ang mga balang ay ang mga demonyo na nasa hukay ng kailaliman, at may kapangyarihang manggulo, bilang ang mga balang na maaring kumain ng lahat ng bagay na lutiang makikita sa harapan nito. Pinahahalagahan mo ba na hindi ipinahihintulot ng Dios ang mga mananakmal at kalamidad na dumating sa buhay mo at kunin ang walang hanggang pagpapala ng Dios sa harap mo? Hindi ka ba nagpapasalamat na hindi ipinahihitulot ng Dios si Satanas at ang mga paglusob ng mga demonyo sa iyo at saktan ka? Ngayon kung ang Dios ang may ganap na kontrol upang magprotekta kung gayon kailangan mong pahalagahan iyon at maagang magsisi bago mo makita ang iyong sarili sa panahon ng kapighatian. Huwag mong pagsamantalahan ang Dios at ang Kanyang kahinahunan at habag. Kaagad magsisi upang maligtas ka sa panahon ng kapighatian.) ***4 At sinabi sa kanila na huwag ipahamak ang damo sa lupa, ni ang anomang bagay na sariwa, ni ang anomang punong kahoy, kundi ang mga tao lamang na walang tatak ng Dios sa kanilang mga noo.*** (Ang mga balang ay may kapangyarihan ng alakdan, na mga demonyo na pinalaya mula sa hukay ng kailaliman na inutusan upang huwag wasakin ang mga damo o ang punong kahoy, kundi ang mga tao lamang na walang tatak ng Dios sa kanilang noo. Ang tatak ng Dios ay pagsang ayon na ang mga mayroon niyon ay pag aari ng Dios at Kanyang mga lingkod. Ang tatak ay ang binasa natin sa kabanata 7 gaya ng mababasa natin dito, ***"2 At nakita ko ang ibang anghel na umaakyat mula sa sikatan ng araw, na taglay ang tatak ng Dios na buhay: at siya'y sumigaw ng tinig na malakas sa apat na anghel na pinagkaloobang maipahamak ang lupa at ang dagat, 3 Na nagsasabi, Huwag ninyong ipahamak ang lupa, kahit ang dagat, kahit ang mga punong kahoy, hanggang sa aming matatakan sa kanilang mga noo ang mga alipin ng ating Dios." (Pahayag 7:2-3 KJV) 5 At pinagkalooban silang huwag patayin ang mga ito, kundi pahirapan nilang limang buwan: at ang kanilang pahirap ay gaya ng pahirap ng alakdan kung kumakagat sa isang tao.*** (Hindi sila binigyan ng kapangyarihang patayin kundi magpahirap. Ang layunin ng pahirap at pagdurusa ay upang dalhin ang sangkatauhan sa pagsisisi. May tiyak na panahon na pinahihintulutan ng Panginoon ang pahirap at pagdurusa sa buhay mo para dalhin ka sa pagsisisi.) ***6 At sa mga araw na yaon ay hahanapin ng mga tao ang kamatayan, at sa anomang paraa'y hindi nila masusumpungan; at mangagnanasang mamatay, at ang kamatayan ay tatakas sa kanila.*** (Ang mga tao sa panahong iyon ng kapighatian ay hinahanap at hinahangad nila ang kamatayan upang takasan lamang ang pagpapahirap ng mga demonyo at ang sakit ng pagdadalamhati at pagdurusa. Ngunit sa walang kabuluhan! Dahil ang kamatayan ay hindi magbibigy sa kanila ng kaginhawaan; sapagkat pagkatapos ng kamatayan at walang pagsisisi makikita nila ang kanilang sarili sa impierno kung saan ang mga demonyo ay patuloy na pahihirapan sila doon. Kaya't, gaano pa kaya ngayon na kailangan mong masigasig at magsisi at baguhin ang iyong mga landas at bumalik sa Dios bago dumating ang panahon ng kapighatian.) ***7 At ang anyo ng mga balang ay katulad ng mga kabayong nahahanda sa pagbabaka; at sa kanilang mga ulo ay gaya ng mga putong na katulad ng ginto, at ang kanilang mga mukha ay gaya ng mga mukha ng mga tao.*** (Narito ang kapangyarihang iyon ng kadiliman, na kinakatawan ng mga balang, na mga demonyo, ay kapangyarihan ng impierno at sadyang inihanda para sa

digmaan. Ang kanilang mga kapangyarihan ay hindi mapipigilan na kumakatawan sa mga kabayo; para silang mga kabayo na tatakbo sa larangan ng labanan. Ang mga kabayo ay hindi mapipigilan sa panahon ng labanan sapagkat hindi sila matatakot sa mga sandata ng mga kaaway dahil mayroon silang malaking kapangyarihan. Lumitaw na may mga mukha tulad ng sangkatauhan at pagkakaroon ng mga korona bilang dignidad para sa kanilang mga tungkulin.) ***8 At sila'y may buhok na gaya ng buhok ng mga babae, at ang kanilang mga ngipin ay gaya ng sa mga leon.*** (Sila'y may kagandahang kumakatawan sa buhok ng babae. Mayroon silang mga ngipin gaya ng mga ngipin ng mga lion upang dumurog at magwasak.) ***9 At sila'y may mga baluti, na gaya ng baluting bakal; at ang ugong ng kanilang mga pakpak ay gaya ng ugong ng mga karro, at ng maraming kabayo na dumadaluhong sa pagbabaka.*** (Sila'y may mga baluti ng bakal na dapat protektahan habang sila'y lulusob. Ang hugong ng kanilang mga pakpak ay dahulungin sa takot ang iba.) ***10 At sila'y may mga buntot na gaya ng sa mga alakdan, at mga tibo; at sa kanilang mga buntot naroroon ang kanilang kapangyarihan upang ipahamak ang mga taong limang buwan.*** (Ang mga tibo sa kanilang mga buntot ay gaya ng mga alakdan na hahampas samantalang ang iba ay walang kamalay malay; ang kapareho sa panganib ng alakdan, ay yaong kapag lumusob ay walang nakakaalam sa mga ito. Ang epekto ng mga kapangyarihan ng impierno sa sangkatauhan ay magtatagal ng limang buwan, nalalaman na ang buong panahon ng kapighatian ay humigit kumulang ng pitong taon.) ***11 Sila'y may pinakahari na anghel ng kalaliman: ang kaniyang pangalan sa wikang Hebreo ay Abaddon, at sa Griego ay may pangalan siyang Apolyon.*** (May pinuno sila sa kanila. Si Satanas ay may mga antas at mga pinuno na mamumuno sa kanyang digmaan. Ang ***"Abaddon"*** at ***"Apolyon*** ay nangangahulugan ng pagkawasak. ***12 Ang unang Pagkaaba ay nakaraan na: narito, darating pa ang dalawang Pagkaaba sa haharapin.*** (Ang pagkawasak na inilabas mula sa impierno mismo ay simula lamang ng pagdurusa. Iyon ay isang pagkaaba lamang at ito ay susundan ng isa pang dalawang kapighatian, upang panatilihin ang patuloy na pagkawasak.) ***13 At humihip ang ikaanim na anghel, at narinig ko ang isang tinig mula sa mga sungay ng dambanang ginto na nasa harapan ng Dios,*** (Hinipan dito ng ikaanim na anghel ang pakapak, at narinig ni Juan ang tinig mula sa gintong dambana, malamang tinig iyon ng Dios.) ***14 Na nagsasabi sa ikaanim na anghel na may pakakak, Kalagan mo ang apat na anghel na nagagapos sa malaking ilog ng Eufrates.*** (Ang tinig ng Salita ng Dios ay inutusan ang ikaanim na sugong anghel ng Kordero upang kalagan ang apat na ibang pang anghel na naroroon sa ilog ng Eufrates na nakagapos at matatagpuan sa Gitnang Silangan. ***15 At kinalagan ang apat na anghel, na nangahahanda sa oras at araw at buwan at taon upang patayin ang ikatlong bahagi ng mga tao.*** (Ang apat na sugong anghel mula sa Eufrates ay nakahanda para sa tiyak na panahon at pinalaya sa natatanging panahong iyon upang patayin ang ikatlong bahagi ng sangkatauhan. Kinalagan sila upang isulong ang kasamaan at dagdagan pa ang mga gawain ni Satanas at ang kapangyarihan ng kadiliman na naunang sinimulan ng mga balang mula sa hukay ng kalaliman.) ***16 At ang bilang ng mga hukbong nangangabayo ay makalawang sangpunglibong tigsasangpung libo: aking narinig ang bilang nila.*** ((Ang apat na sugong anghel na nagpakawala sa rehiyon ng Eufrates ay gumamit ng hukbo na binubuo ng 200 milyong mangangabayo.) ***17 At nakita kong sa pangitain ang mga kabayo, at ang mga nakasakay dito, na may mga baluting gaya ng apoy at ng jacinto at ng asupre: at ang mga ulo ng mga kabayo ay gaya ng mga ulo ng mga leon; at sa kanilang mga bibig ay lumalabas ang apoy at usok at asupre.*** (Nakita ni Juan ang kanilang mga kabayo sa pangitain at ang kanilang mga kabayo na may baluti ng apoy, jacinto at asupre. Ang gayong mga baluti sa dibdib na naglalabas ng apoy ay hindi maaaring tiisin ng mga pangkarinawang tao na mga mangangabayo. Ngunit malamang na ang mga ito ay mga abnormal na tao na naparami marahil ng mga (genetical mutation) o pagiiba ng DNA; na magpaparami sa mga tao ng ilang laman; na itinakda para sa patuloy na pag atake at protektado mula sa apoy at sa pamamagitan ng apoy. ***"at ang mga ulo ng mga kabayo ay gaya ng mga ulo ng mga leon; at sa kanilang mga bibig ay lumalabas ang apoy at usok at asupre."*** Ang mga kabayong iyon ay malamang na pinarami rin ng mga (genetical mutation) o pagiiba ng DNA, at nakatakdang lumaban upang patayin ang tao sa pamamagitan ng usok, apoy at asupre na magmumula sa kanilang mga bibig. ***18 Sa pamamagitan ng tatlong salot na ito ay napatay ang ikatlong bahagi ng mga tao, sa pamamagitan ng apoy at ng usok at ng asupre, na nangagsisilabas sa kanilang mga bibig.*** (Sa pamamagitan ng mga apoy, usok at asupre na magmumula sa mga bibig ng mga kabayong iyon, ang ikatlong bahagi ng mg tao ay papatayin.) ***19 Sapagka't ang kapangyarihan ng mga kabayo ay nasa kanilang bibig, at nasa kanilang mga buntot; sapagka't ang kanilang mga buntot ay kawangis ng mga ahas, at may mga ulo; at siya nilang ipinananakit.*** Ang mga kapangyarihan ng mga kabayong iyon ay nasa kanilang bibig gaya ng ipinaliwanag natin sa naunang talata, at ang kanilang mga buntot ay katulad ng mga ahas na may ulo na gagamitin nila upang ipanakit. Ang layunin ng Dios para palayain ang kapangyarihan ng impierno at ang 2000 na milyong mga kabayo kasama ng kanilang mangangabayo na may panakit ay magbunga sa mga naiwan marahil upang dalhin sila sa pagsisisi, ngunit hindi nila ginawa ayon sa mababasa natin ang sumusunod: ***20 At ang nalabi sa mga tao, na hindi napatay sa mga salot na ito, ay hindi nagsipagsisi sa mga gawa ng kanilang mga kamay, upang huwag sumamba sa mga demonio, at sa mga diosdiosang ginto, at pilak, at tanso, at bato, at kahoy; na hindi nangakakakita, ni nangakaririnig man, ni nangakalalakad man. 21 At sila'y hindi nagsipagsisi sa kanilang mga pagpatay, kahit man sa kanilang panggagaway, kahit man sa kanilang pakikiapid, kahit man sa kanilang pagnanakaw.*** Ang natitirang dalawang ikatlo ng sangkatauhan na hindi napatay ng apoy, usok at asupre, ay hindi nagsisi sa kanilang mga pagpatay, pangkukulam, pakikiapid at pagnanakaw, kundi patuloy na sumamba sa mga demonyo, at patuloy na sumamba sa mga materyal na bagay; naging kanilang mga dios diosan, na gawa sa ginto, pilak, tanso, bato at kahoy.

Tayo ngayon ay magpatuloy sa ***Pahayag 10***. Pagkatapos ng poot ng Dios na ipinagkaloob sa mga nabubuhay sa lupa, at pagkatapos ng galit ni Satanas na ibinuhos sa lupa mula sa impierno at sa hukay ng kalaliman, narito sa kabanatang ito, ***Pahayag 10,*** Ipinahahayag ng Dios ang Kanyang dakilang kapangyarihan sa pamamagitan ng Kanyang Salita na kinakailangang ipangaral sa lahat sa panahon ng kapighatian. Ang Dios sa pamamagitan ng ikapitong anghel ay pagtitibayin ang ipinahayag Niya sa Kanyang Salita sa pamamagitan ng Kanyang mga lingkod ang mga propeta. Ang ***Pahayag 10*** ay sinasabi sa lahat na si Cristo ay ihinayag bilang Isa na lubos na magbabago sa Langit at lupa sa paghahayag kung sino Siya, na siyang simula at wakas. Sa ***Pahayag 10***, ipinapahayag ng Dios ang Kanyang pagibig at kapayapaan sa mga taong iniwan, at inaanyayahan Niya sila muli na tanggapin ang kaligtasan ni Cristo.

Matapos ng anim na sugong mga anghel sa mga kabanata 8-9, Si Cristo ay ipinahayag bilang ang Isa na magkakaroon ng mga saksi sa Kanyang sarili sa panahon ng kapighatian. Gaano man kalaki ang kakila kilabot ng paghatol o ang kasamaan sa lupa sa panahon ng kapighatian, si Cristo ay magkakaroon ng saksi. Ang patotoong iyon ay si Juan, at ang Aklat ng Pahayag ay isinulat upang tayo ay maging mga saksi ni Cristo, ng kung sino Siya, at lalo na sa liwanag ng katapusan ng lahat ng bagay na darating; ang bagong Langit at bagong lupa na darating. Sa kabila ng lahat ng pagtanggi at ng pagkamuhi sa Dios patuloy pa ring nais ipahayag ng Panginoon ang Kanyang tunay na pagibig sa sanglibutan at ang pagibig ni Jesus na namatay sa krus para sa mga kasalanan ng sanglibutan.

Ang ***Pahayag 10*** ay isang paalala na ang layunin ng Aklat ng Pahayag ay si Cristo ay maihayag at yaong si Juan at tayo ay dapat huwag itago ang mensahe ng Pahayag kundi balaan ang iba. Kaya't tayo ang sentro ng Dios upang ipahayag si Cristo sa mga taong nakapalibot sa atin at sa buong sanglibutan. Basahin natin ngayon at pagnilayan ang nasa ***Pahayag 10.***

***"1 At nakita ko ang ibang malakas na anghel na nanaog na mula sa langit, na nabibihisan ng isang alapaap; at ang bahaghari ay nasa kaniyang ulo, at ang kaniyang mukha ay gaya ng araw, at ang kaniyang mga paa ay gaya ng mga haliging apoy;*** (Ang anghel na iyon ay may dakilang kapangyarihan at may malaking autoridad, sa pagpanaog mula sa Langit, nabibihisan ng isang alapaap, na may bahaghari sa kanyang ulo, kung saan ipinaaalala sa atin ang tipan ng Dios, na hindi Niya hahayaan na bahain ang mundo ng tubig tulad noong panahon ni Noe gaya ng mababasa natin dito: ***"12 At sinabi ng Dios, Ito ang tanda ng tipang ginawa ko sa inyo, at sa bawa't kinapal na may buhay na kasama ninyo sa buong panahon: 13 Ang aking bahaghari ay inilalagay ko sa alapaap, at siyang magiging tanda ng tipan ko at ng lupa. 14 At mangyayari, pagka ako'y magbababa ng isang alapaap sa ibabaw ng lupa, na makikita ang bahaghari sa alapaap. 15 At aalalahanin ko ang aking tipan, na inilagda ko sa akin at sa inyo, at sa bawa't kinapal na may buhay sa lahat ng laman; at ang tubig ay hindi na magiging bahang lilipol ng lahat ng laman. 16 At ang bahaghari ay pasa sa alapaap, at aking mamasdan, upang aking maalaala, ang walang hanggang tipan ng Dios at ng bawa't kinapal na may buhay sa lahat ng lamang nasa ibabaw ng lupa. 17 At sinabi ng Dios kay Noe, Ito ang tanda ng tipang inilagda ko sa akin at sa lahat ng laman na nasa ibabaw ng lupa." (Genesis 9:12-17 KJV)*** Ginamit ng Dios ang bahaghari, ang arko sa alapaap, bilang isang tipan ng Dios at sa lupa, sapagkat sa kadahilanang ito ang anghel ay ***"nabibihisan ng isang alapaap; at ang bahaghari ay nasa kaniyang ulo"***. Batay sa tipang ito ng Dios sa tao, kaya naman ipinadala ng Dios ang Kanyang poot sa panahon ng kapighatian sa ibang paraan ng mga kalamidad at hindi gaya ng baha tulad ng ginawa Niya sa panahon ni Noe. Ang bahaghari sa panahong ito ng kapighatian na parang pinapadala Niya pa rin ang kapayapaan gaya ng pagpapadala Niya ng Kanyang Salita, ang Evangelio, maging sa kakila kilabot na panahong ito ng kapighatian, sinasabi sa mga nanampalataya, sila'y maliligtas, Ang mukha ng anghel ay nagniningning gaya ng liwanag ng araw, pinagtitibay na siya ay sinugo ng Dios upang magdala ng liwanag sa mga nanampalataya. Ang anghel ay nabibihisan ng isang alapaap at bahaghari napuputungan ang Kanyang ulo. Ang kanyang mga paa ay haligi ng apoy; kaya naabot Niya kahit saaan dinadala ang mensahe ng Dios at nagdadala ng paghatol sa bawat lugar. Siya ay maaaring walang iba kundi ang Panginoong Jesucristo Mismo, ang prinsipe ng kapayapaan, sa Kanyang ikalawang pagparito ng naghaharing Hari, na magdadala ng kaligtasan ng Dios sa mga nanampalataya at paghatol ng Dios sa mga suwail. Ang Anghel ay makapangyarihan at mukhang kaibig ibig para sa mensahe at ang Kanyang misyon ay dakila at kahanga hanga. Ang poot ng Dios na nakita natin sa kabanata 8 at 9 ay ang pagpapakumbaba sa mga taong naiwan upang ihanda sila sa pagtanggap ng evangelio.) ***2 At may isang maliit na aklat na bukas sa kaniyang kamay: at itinungtong ang kaniyang kanang paa sa dagat, at ang kaniyang kaliwa ay sa lupa,*** (Ang ikapitong angel ay isinugo na may aklat mula sa Dios, pagdadala ng mensahe ng Dios kay Juan, inuutusan siya na tanggapin ito. Tinanggap ni Juan ang pahayag ng Dios at isinulat ito, at narito ang ang isinulat ni Juan ay nasa ating mga kamay ngayon. Ang paa ng anghel ay haligi ng apoy, nakatayo sa lupa at sa dagat; marahil maaring nangangahulugan nito ay magdala ng Salita ng Dios sa kahit saan, sa lupa at sa dagat, at upang dalhin ang Kanyang paghatol sa mga sumuway sa Kanya at lumayo sa Kanyang kalooban, sa pagtanggi sa Salita ng Dios at ang kanilang walang kahandaaang manampalataya at magbago. Ang sugong anghel ay dinala ang pahayag ni Cristo sa isang maliit na aklat kay Juan; ***"isang maliit na aklat na bukas"***; ***"isang maliit na aklat"***, ay nangangahulugang ang mensahe ay hindi mahirap; ***"aklat na bukas"***, ay nangangahulugang kailangang

ipabatid ang mensahe. Ang isang paa ng anghel sa dagat at ang isa naman sa lupa ay maaaring magpahiwatig ng kakayahan ng anghel na makarating ang anumang lugar sa lupa man o sa dagat. Ang sugong anghel, ***"itinungtong ang kaniyang kanang paa sa dagat, at ang kaniyang kaliwa ay sa lupa"***, upang ipahiwatig na ang mensahe ay dapat maipabatid sa kahit saan.) ***3 At sumigaw ng malakas na tinig, na gaya ng leon na umaangal: at pagkasigaw niya, ay ang pitong kulog ay umugong.*** (Ang tinig ng sugong anghel ay hindi nagpahiwatig ng mga salita, dahil ang mga salita ay nasa aklat. Ngunit, ang puwersa, kagyat at katangian ng mensahe ay ipinarating; malakas ang tinig ng anghel dahil kailangang malinaw na marinig ang mensahe; ang tinig ay parang ungol ng leon dahil ito ay isang mabisang mensahe ng babala. Dinudurog ng mga leon ang mga taong kinakaharap nila; ang mensaheng dudurog sa kasamaan at sa mga kapangyarihan ng kadiliman, Umaatungal gaya ng lion na umaangal ay kumakatawan sa tinig ng Dios kapag sinalita Niya ang Kanyang Salita o kapag ipinapadala Niya ang Kanyang poot sa lupa. Pitong kulog ay narinig kasabay ng atungal ng sugong anghel, na nagpapalakas ng kapangyarihan at bilis ng mensahe tungkol sa paghahayag ni Jesucristo. Samakatuwid, tayo rin, ay kailangang ipahayag ang mensahe nang malinaw, na may malakas na malinaw na babala, at ang mensahe na palalakasin upang maabot ang lahat ng dako hanggang sa katapusan ng mundo.) ***4 At pagkaugong ng pitong kulog, ay isusulat ko sana: at narinig ko ang isang tinig na mula sa langit, na nagsasabi, Tatakan mo ang mga bagay na sinalita ng pitong kulog, at huwag mong isulat.*** (Nang sumigaw ang anghel ng pitong kulog ay nagsalita ng kanilang mga tinig na sumasalamin sa tinig ng Dios, na isinugo, na naguutos kay Apostol Juan, at sa Kanyang mga simbahan, gayundin, tayo ngayon na sabihin ang Kanyang Salita sa lahat ng tao sa lahat ng dako. Isang tinig mula sa Langit ang nagsabi kay Juan na, ***"Tatakan mo ang mga bagay na sinalita ng pitong kulog, at huwag mong isulat."*** ay nangangahulugang huwag baguhin ang mensahe kundi ipaabot ito sa kung ano ito.) ***5 At ang anghel na aking nakita na nakatayo sa ibabaw ng dagat at sa ibabaw ng lupa ay itinaas ang kaniyang kanang kamay sa langit,*** (Pagkatapos ng mga kulog na narinig ni Juan, nakita niya ang anghel na nakatayo sa lupa at sa dagat, ay itinaas ang kanyang kamay.) ***6 At ipinanumpa yaong nabubuhay magpakailan kailan man, na lumalang ng langit at ng mga bagay na naroroon, at ng lupa at ng mga bagay na naririto, at ng dagat at ng mga bagay na naririto, na hindi na magluluwat ang panahon: 7 Kundi sa mga araw ng tinig ng ikapitong anghel, pagka malapit nang siya'y humihip, kung magkagayo'y ganap na ang hiwaga ng Dios, ayon sa mabubuting balita na kaniyang isinaysay sa kaniyang mga alipin na mga propeta.*** (Ang anghel ay nanunumpa sa Dios, ang Maylalang sa lahat ng mga bagay na malinaw na nagpapahayag na hindi na magkakaroon ng panahon ng pagkaantala upang hintayin ang sinabi ng Dios upang matupad. Ipinarating ng sugong anghel na habang ang paghatol ni Cristo ay nagpatuloy sa ikapitong trumpeta anghel, na si Cristo, ang hiwaga ng Dios na dating ipinarating ng mga propeta, ay lubos na ihahayag at matutupad ngayon. ***"ang hiwaga ng Dios"*** ay si Cristo, ang Kanyang Salita, na nagsasabi sa atin na mamuhay malayo sa kasalanan, mamuhay sa pagkatakot sa Dios, sa kabanalan, at sa lubos pagtatalaga sa Kanya; na ang mga naghahangad na marapture o masidhing kagalakan at makuha ng Panginoon ay dapat tuparin iyon sa kanilang buhay.) ***8 At ang tinig na aking narinig na mula sa langit, ay muling nagsalita sa akin, at nagsabi, Humayo ka, kunin mo ang aklat na bukas na nasa kamay ng anghel na nakatayo sa ibabaw ng dagat at sa ibabaw ng lupa.*** (Ang tinig mula sa Langit ay inutusan si Juan, pati na rin inuutusan tayo ngayon, na kunin ang maliit na aklat mula sa Anghel at kainin ito upang ang Salita ng kapahayagan ni Cristo ay maaring manggaling sa bibig ni Juan at sa bibig natin ngayon sa sanglibutang naliligaw sa palibot natin.) ***9 At ako'y naparoon sa anghel na nagsabi ako sa kaniya na ibigay sa akin ang maliit na aklat. At kaniyang sinabi sa akin, Kunin mo ito, at ito'y kanin mo; at papapaitin ang iyong tiyan, datapuwa't sa iyong bibig ay magiging matamis na gaya ng pulot.*** (Sumunod si Juan sa mga utos at pumaroon at ginawa ng iniutos na gawin niya. Hiniling nya sa anghel na ibigay sa kanya ang maliit na aklat. Ibinigay ito ng anghel kay Juan na nagpahayag ng mensahe nito. Isinulat at ipinahayag ito ni Juan. Inutusan din siya ng anghel na kainin ito at sinabi niya sa kanya na magiging matamis sa kanyang bibig at mapait sa kanyang tiyan. Maipapaliwanag natin iyon tulad ng sumusunod: Hangga't hawak ni Juan ang mensahe ng aklat sa kanyang sarili, sa kanyang tiyan, ito ay magiging mapait, ngunit sa sandaling ipaalam ni Juan ang mensahe sa labas ng kanyang sarili, sa pamamagitan ng kanyang bibig, ito ay magiging matamis na parang pulot, dahil ito ay nagbibigay buhay at kaligtasan sa kanyang sarili at sa iba pang nakikinig at sumusunod. Samakatuwid, at sa parehong paraan, na hangga't itinatago natin ang evangelio at hindi ito ipinangaral ay nagkakasakit tayo, at nakaramdam ng kapaitan, ngunit kapag ipinapahayag natin ito, ang evangelio ay nagbibigay at nagpapahayag ng buhay sa atin at sa iba.) ***10 At kinuha ko ang maliit na aklat sa kamay ng anghel, at aking kinain; at sa aking bibig ay matamis na gaya ng pulot: at nang aking makain, ay pumait ang aking tiyan.*** (Ang katulad sa atin ngayon, kung mag eevangelio tayo at aabutin ang naliligaw at sabihin sa kanila ang Salita ng Dios, at sabihin sa kanila ang tungkol kay Jesus, ang buhay na walang hanggan, ang kaligtasan ng Dios, at babalaan sila tungkol sa paparating na poot ng Dios at ang Kanyang paghatol sa mga hindi nanampalataya, kung gayon magkakaroon tayo ng kagalakan at katuwaan at kaaliwan at kaginhawaaan sa pamamagitan ng Banal na Espiritu. Ngunit kung itatago natin ang mensahe sa ating sarili at itangging ibahagi ito, itangging dalhin ang evangelio sa iba, kung gayon mananatili tayong malungkot, mapait mula sa loob dahil tumanggi tayong maglingkod sa Dios sa pagbabahagi ng mabubuting balita sa iba.) ***11 At sinasabi nila sa akin, Dapat kang manghulang muli sa maraming mga bayan at mga bansa at mga wika at mga hari.*** (Ipinaalala kay Juan na dapat niyang sabihin sa iba. Inutusan si Juan na manghula sa harap ng maraming tao; upang ipahayag ang kalooban ng Dios at ang Kanyang Salita sa maraming uri ng mga tao, bansa, wika, at hari. Tayo ngayon ay inutusan ng Dios na gawin ang katulad upang ipahayag ang kalooban ng Dios sa iba, na pumaroon

upang dalhin ang evangelio sa iba. ***"Dapat kang manghulang muli sa maraming mga bayan at mga bansa at mga wika at mga hari."*** * Kailangan nating ipahayag ang mensahe ng Dios ang Kanyang kalooban sa maraming tao; sa lahat ng uri ng mga tao, mayaman o mahirap, nakapag aral o hindi, tanyag o hindi, makapangyarihan o mahina, atbpa. * Tinawag tayo upang ipahayag ang mensahe sa maraming mga bansa at etnikong mga pangkat na nakapalibot sa sanglibutan at kailangan nating iparating sa kanila ang Evangelio ni Cristo. * Kailangan nating pagtagumpayan ang mga hadlang sa kultura; mga wika, gawi, pagkain, at iba pang mga hadlang, at isaayos ang ating sarili upang dalhin ang evangelio sa ibang mga bansa. * Tinawag tayo upang ipahayag ang mensahe sa maraming wika; kailangan nating iparating ang mensahe ni Cristo sa ibang wika na daigin ang mga wikang maaaring harapin natin habang sumusulong tayo sa paglilingkod sa Kanya at pangangaral ng Evangelio sa ibang bansa. * Tinawag tayo upang ipahayag ang mensahe sa maraming mga hari; Nais ng Dios na tumayo tayo sa harapan ng mga hari ng sanglibutan at may kapangyarihan, at ipahayag sa kanila na may buong katapangan ang Evangelio ng ating Panginooong JesuCristo.) ***(Pahayag 10:1-11)***

***Sa aking mahal at minamahal:*** Ang oras ay dumating sa iyo upang malaman kung anong mangyayari. Maaaring ang Dios ay maibigin, mahinahun, mapagbiyaya at maawain sa iyo na hindi mananaig ang kapangyarihan ng kadiliman. Ngunit hindi na iyon magpapatuloy, kapag dumating ang Panginoon sa gayon ay hindi na mas marami ang makukuha. Samakatuwid, samantalahin ang pagkakataon ngayon upang bumalik sa Dios sa pagsisisi, talikuran ang iyong mga kasalanan at ang iyong makasalanang mga paraan at simulan ang pagsunod sa Dios at sa Kanyang Salita upang maligtas.

Mamuhay sa kabanalan, hayaan mo itong maging istilo na iyong nilalayon sa iyong buhay, sa gayo'y kapag si Cristo ay dumating kung gayon ikaw ay makukuha kasama namin sa Langit. Sanayin ang iyong sarili at masanay na maglingkod sa Dios, ipahayag ang Kanyang Salita at Kanyang kalooban sa mga tao sa paligid mo, at gawin ang nais Niyang makamit mo, kaya kapag Siya ay dumating handa ka nang sumama sa amin sa Langit.

Tayo ay manalangin…..

***Aking panalangin:*** *Amang Dioa Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat para sa kaligtasan ni Jesus na tinanggap ko sa pamamagitan ng Kanyang dugo. Panginoon salamat sa iyo para sa lahat ng iyong kabutihan at biyaya sa akin at sa iyong mabuting plano na mayroon ka sa akin. Panginoon salamat sa iyo para sa babala sa pagsaway at sa pagtutuwid na tinanggap ko sa mensaheng ito.*

*Ipagtapat at talikdan ang lahat ng iyong mga kasalanan, upang ikaw ay maging handa na makuha sa rapture o sa masidhing kagalakan kapag si Cristo ay dumating upang kunin tayo kasama Niya sa Langit, at huwag kang dumaan sa panahon ng kapighatian. Talikdan ang iyong mga kasalanan ng kamunduhan, pagibig sa materyal na mga bagay, kasiyahan at katanyagan. Talikdan ang pagnanasa ng mga mata at ng pagnanasa ng iyong puso. Talikdan ang iyong walang pasasalamat at walang katapatan sa Dios at sa Kanyang mga gawa. Talikdan ang iyong mga dios-diosan at ang makasalanang kaugalian na ipinamumuhay mo at pagsamba, at ang mga bagay na iniibig at pinararangalan mo ng higit kaysa Dios. Talikdan ang iyong imoralidad, pagsisinungaling, pagnanakaw, katamaran, at pagkamakasarili. Talikdan ang iyong pagdududa, kawalan ng pananampalataya, pakikisama sa mga hindi mananampalataya, pagtatakda ng masamang halimbawa sa iba, pagsasayang ng oras sa Media, mga balita at laro. Talikdan ang iyong masamang pangangasiwa, ang iyong kawalang kahandaang maglingkod sa Dios at magdusa sa paguusig para sa Kanya, ang iyong katigasan ng ulo at ang iyong naantalang pagsunod. Talikdan ang iyong kawalang kahandaang ipangaral ang evangelio ni Jesus sa iba.*

*Panginoon patawarin ako, ako'y nagsisisi mula sa sumusunod na mga kasalanan* ___________________________

*Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na ipamuhay ang aking buhay sa kabanalan at malayo sa kasalanan. Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na gawin ang iyong kalooban at ang mabuting plano na mayroon ka para sa akin. Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na magtiis sa paglilingkod sa iyo sa kabila ng lahat ng pagtanggi at paguusig na maaring malantad ako hanggang pumarito ka o hanggang kunin mo ako patungo sa Langit. Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na yumaon at ipangaral ang evangelio at ituro ang iyong Salita at gumawa ng mga alagad sa lahat ng mga bansa. Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na patuloy na manalangin para sa mga naliligaw na kaluluwa, upang tumugon sa iyo at sa iyong Salita. Panginoon itaas ako ng iyong biyaya at awa, maglaan sa akin at protektahan ako mula sa paguusig hanggang makamit ko ang iyong layunin sa aking buhay at sa buhay ng mga taong nakapalibot sa akin at sa ilalim ng aking pangangalaga.*

*Panginoon salamat para sa aking mga kapatid na Lalaki at Babae na ipinangako ang kanilang buhay na mamuhay para sa iyo at maglingkod sa iyo sa pagpapahayag ng iyong Salita at ng iyong kalooban. Panginoon*

*protektahan sila at ibigay ang para sa kanila at puspusin silang muli ng Banal na Espiritu at bigyan sila ng espirituwal na mga kaloob na kailangan nila sa kanilang buhay na pumaroon at maglingkod sa iyo.*

*Panginoon pagpalain kami bilang iyonng simbahan habang ipinangako namin ang aming sarili na ipamuhay ang aming buhay sa iyo at maglingkod sa iyo. Panginoon protektahan kami at patnubayan kami ng iyong Banal na Espiritu na ituro ang iyong Salita at ang iyong ikalawang pagparito sa mga taong nakapalibot sa amin at sa aming mga anak at alagad, at babalaan sila tungkol sa panahon ng kapighatian. Panginoon paging dapatin kami na maabot ang bagong mga tao sa pamamagitan ng evangelio ni Jesus at upang gumawa ng mga bagong disipulo. Panginoon patnubayan kami na sanayin ang mga bagong manggagawa at magtanim ng mga bagong pag aaral sa Bibliya at mga bagong kapisanan para sa simbahan. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios.' Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen*

Ang Buhay pagkatapos ng Kamatayan Yugto 11. Pahayag mga Kabanata 9-10. Ang Pangalawang Pagparito ni Cristo – ang Kapighatian. Pahayag 9:1-21. Pahayag 7:2-3. Pahayag 10:1-11. Genesis 9:12-17.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com